


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: NOLI ME TANGERE Ang Bukang-liwayway ng mga Pangyayari



Filipino– IkasiyamnaBaitang

Alternative Delivery Mode

IkaapatnaMarkahan– Modyul 4: NOLI ME TANGERE – Ang Bukang-liwayway ng mga Pangyayari– Kabanata 1-14

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Maricel B. Jarapan, Nona Love S. Saguin
Editor:	Lindo O. Adasa, Jr., Susan Bellido Ed.D. July G. Saguin, Philip D. Caermare
Tagasuri:	Jephone P. Yorong
Tagaguhit:	Edgardo P. Jamar, Jr.
Tagalapat:	Peter A. Alavanza, Jannibal A. Lojero
Tagapamahala:	Dr. Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Felix Romy A. Triambulo Ella Grace M. Tagupa Jephone P. Yorong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
NOLI ME TANGERE:
Ang Bukang-liwayway
ng mga Pangyayari**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Kumusta ka? Binabati kita dahil natapos mo na ang unang tatlong modyul ng ating aralin ang Noli Me Tangere. Muli ako ang iyong guro na gagabay sa iyong paglalakbay sa ating bagong aralin.


Nakahanda ka na bang malaman ang mga pangyayari sa pagbabalik ni Juan Crisostomo Ibarra sa kanyang bayan mula sa pag-aaral galing sa Europa?

Magkakasama tayo ngayong hihimayhimayin ang mahalagang pangyayari ng mga Kabanata 1- 14 ng nobelang ito. Damhin mo ang mga nangingibabaw na damdamin ng mga pangunahing tauhan at unawain ang mahalagang pangyayari upang mailalahad mo ang iyong sariling pananaw gamit ang mga ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin at matibay na paninindigan.

Handa ka na ba? Tayo na! Simulan na natin ang ating paglalakbay sa tulong ng mga layunin sa ibaba.

Simulan natin ang ating aralin gamit ang inyong matang mapanuri! Inaasahan na pagkatapos ng ating paglalakbay ay matutuhan mo ang sumusunod:

1. Napapangkat ang mga salita ayon sa antas ng pormalidad ng gamit nito. **(F9PT - IVd-58)**
2. Naibabahagi ang sariling damdamin sa tinalakay na mga pangyayaring naganap sa buhay ng tauhan. **(F9PN -IVd- 58)**
3. Nailalahad ang sariling pananaw sa kapangyarihan ng pag- ibig sa magulang, sa kasintahan, sa kapwa at sa bayan. **(F9PB - IVd-58)**
4. Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa pagpapahayag ng:
 - Damdamin
 - Matibay na paninindigan**(F9WG-IVd-60)**
5. Nakasusulat ng iskrip ng Mock Trial sa tunggalian ng mga tauhan sa akda. **(F9PU-IVd - 60)**



Subukin

Bilang paghahanda sa pagbasa at pag-unawa sa aralin, subukin muna natin ang iyong kakayahan sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na katanungan.

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

1. “Pitong taon ako sa ibang bansa at sa pagbabalik ko ay hindi ko matiis na hindi batiin ang pinakamahalagang hiyas ng aking bayan, ang mga babae.” Ang may salungguhit ay di lantad ang kahulugan. Anong uri ng pormal na salita ang may salungguhit?
 - A. pambansa
 - B. balbal
 - C. pampanitikan
 - D. rehiyonal
2. Alin sa sumusunod na pangungusap ang nagpapahayag ng matibay na paninindigan?
 - A. “Lubos kong pinaniniwalaan na ang kanyang ama ay maka-Diyos at alam ang tungkulin sa lipunan, marangal at matapat.”
 - B. “Bawiin ninyo ang lahat ng iyan at kung hindi’y makararating ito sa kanyang kamahalan bukas na bukas din!”
 - C. “Maaaring nalimot ako ng aking bayan ngunit lagi ko naman siyang naaalala.”
 - D. “Pinsan, palagay ko mas makabubuti kay Maria na San Diego magbakasyon.”

Para sabilang 3 – 7 Basahin ang pahayag at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

“Lalaki ka, dapat mong isipin ang tungkulin mo at kinabukasan. Dapat mong tuklasin ang karunungan ng buhay na hindi maibibigay sa iyo ng sarili mong bayan upang pakinabangan ka niya balang araw. Kung lagi ka lamang sa piling ko, sa aking pangangalaga, sa panahong ito ng kawalang- katiyakan ay hindi ka matutong tumanaw sa malayo.”

3. Sino ang maaaring nagsasalita ng pahayag?
 - A. Crisostomo Ibarra
 - B. Maria Clara
 - C. Rafael Ibarra
 - D. Kapitan Tiago
4. Sino ang pinagsabihan ng pahayag?
 - A. Crisostomo Ibarra
 - B. Maria Clara
 - C. Rafael Ibarra
 - D. Kapitan Tiago
5. Kung ikaw ang pinagsabihan ng pahayag, ano ang iyong mararamdaman?
 - A. magtatampo
 - B. magalit
 - C. maghihinayang
 - D. malungkot

6. Anong damdamin ang nangingibabaw sa nagsasalita?
- A. nagagalit
B. nagtatampo
C. nababahala
D. naghihinayang
7. Anong kapangyarihan ng pag-ibig ang ipinahiwatig sa pahayag?
- A. pagmamahal ng ama sa kanyang anak
B. pagmamahal ng mamamayan sa kanyang bayan
C. pagmamahal ng tao sa karunungan
D. lahat ng nabanggit
8. Kaninong bahay ang nagkaroon ng piging sa hapunan at dinaluhan ni Crisostomo Ibarra kasama ang mga kilalang tao sa pamahalaan, lipunan at simbahan?
- A. KapitanTiyago
B. Tenyente
C. Rafael Ibarra
D. KapitanHeneral
9. Iba't ibang reaksiyon at damdamin ang namamayani sa pagbabalik ni Crisostomo Ibarra sa kanyang sariling bayan. Alin ang hindi napabilang dito?
- A. Nananabik si Maria Clara na makita ang kasintahan
B. Nangangamba si Padre Damaso na matuklasan ang lihim sa pagkamatay ng ama ni Crisostomo Ibarra.
C. Ikinagulat ng mga prayle ang pagdating ni Crisostomo Ibarra
D. Ikinatakot ng tenyente ang pagbabalik ni Ibarra sa sarilng bayan.
10. Pinaratangan ng mga prayle na erehe at pilibustero ang butihing ama ni Crisostomo. Ano ang ibig sabihin ng sinalungguhitang salita sa pangungusap?
- A. Sumusuway—at ayaw sumampalataya sa ilang kautusan ng simbahan
B. May radikal na kaisipang di nagpapasakop sa pamahalaang pinangungunahan ng relihiyon at hukbo.
C. Taong naniniwala sa doktrina ng ibang relihiyon
D. Hindi nagbabayad ng buwis sa pamahalaan



May hinuha ka na ba sa paksang tatalakayin sa ating aralin? Handa ka na bang alamin ang nilalaman nito? Magsimula na tayo.

Aralin

1

NOLI ME TANGERE
Ang Bukang-liwayway ng
mga Pangyayari
(Kabanata 1-14)

Simulan na natin ang maglakbay sa mga kabanata 1 – 14 ng Noli Me Tangere. Ito ay ang pagbabalik ng pangunahing tauhan na si Crisostomo Ibarra.

Himaymayin natin ang mahalagang pangyayari sa Kabanata 1-14 na nagbibigay diin sa pagbabalik sa sariling bayan ni Juan Crisostomo Ibarra mula sa kanyang paglalakbay sa Europa. Damhin natin ang namamayani na emosyon sa kanyang pagbabalik gayundin sa iba pang mahalagang tauhan sa akda. Inaasahang magbabahagi ka ng iyong opinyon, matibay na paninindigan, at damdamin kaugnay ng nangingibabaw na mahalagang kaisipan at pangyayari sa mga kabanatang nabanggit.

Matutunan mo sa araling pangwika ang mga ekspresyon sa pagpapahayag ng iyong pananaw at matibay na paninindigan at gayundin ang dalawang antas ng pormalidad ng wika.



Balikan

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. (5 puntos bawat isa)

1. Ano- ano ang mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng opinyon?

2. Sumulat ng isang maikling talata na nagpapahayag ng iyong opinyon at matibay na paninindigan tungkol sa pagsasabatas ng Anti – Terrorism Bill. Salungguhitan ang ginamit mong ekspresyon sa pagpapahayag ng inyong opinyon at matibay na paninindigan.

3. Ano ang naramdaman mo sa iyong nalaman tungkol sa kaligirang pangkaysayan ng akda at sa pag-iral ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang lipunan? Isulat mo ang iyong naramdaman at pagkatapos, salungguhitan mo ang mga salitang nagpapahayag ng iyong damdamin.

4. Lagyan ng tsek ang namamayaning kapangyarihan ng pag- ibig sa loob ng nobela

- ___ Pag-ibig sa magulang
___ Pag-ibig sa kasintahan
___ Pag-ibig sa kapwa
___ Pag-ibig sa bayan

5. Itala ang mga makatotohanang pangyayari sa buhay at lipunan na nalaman mo sa nobelang Noli Me Tangere.



Mga Tala para sa Mag-aaral

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo. Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang tuklasin ang Kabanata 1-14 ng Noli Me Tangere.



Tuklasin

Basahin at unawain mo ang mga mahahalagang pangyayari ng Kabanata 1-14. Subaybayan ang karanasan ni Crisostomo Ibarra at iba pang mahalagang tauhan.

Gawain 1: Paglinang ng Talasalitaan



Upang lubos mong maunawaan ang mga pangyayari sa mga kabanata, hanapin ang magkasingkahulugang salita sa loob ng pahayag.

Huwag kalimutang maaari kang magpatulong sa iyong mga kapatid o magulang. Handa ka na ba?

Panuto: Hanapin ang mga salitang magkasingkahulugan sa loob ng pangungusap. Suriin ang antas ng pormalidad ng wika sa dalawang napiling salita at punan ang talahanayan sa ibaba.

Pangungusap	Pambansa	Pampanitikan
Halimbawa: Nakarating na sa mga linta ang napipintong piging sa bahay ni Kapitan Tiyago at ang mga manghuhuthot na ito ay naghahanda na sa kanilang pagdalo.	manghuhuthot	linta
Magsimula rito: 1. Si Maria Clara ay maganda katulad ni Sisang may angking kariktan.		
2. Maraming maharlika ang sa handaan ni Kapitan Tiago. Ilan sa kanila ay mayayamang tao sa lipunan.		
3. Pinaratangan ni Padre Damaso si Don Rafael na erehe dahil suwail ito sa pinag-uutos ng simbahan.		
4. Napatunayan sa hukuman ang pagiging pilibusto ni Don Rafael at sinaksihan ito ng mga huwad na saksi ang kanyang pagigingrebelde sa pamahalaan.		
5. Hindi itinuring ni Kapitan Tiyago na siya ay Indio kahit na ang kanyang mga magulang ay katutubo ng Pilipinas.		

Kabanata 1

ISANG HANDAAN

Isang malaking pagtitipon at marangyang handaan ang idinaraos sa bahay ni Don Santiago de los Santos o Kapitan Tiago sa kalye Anloague sa may pampang ng Ilog Binondok na sanga ng ilog Pasig. Dinaluhan ng iba't ibang uri ng tao sa lipunan tulad ng mga linta, bangaw at kantanud sa lipunan ang hapunan. Sikat na sikat si Kapitan Tiyago sa pagiging galante.

Napakasaya sa bahay ni Kapitan Tiyago sa gabing iyon. Masasalamin ang karangyaan sa bahay. Pagpasok sa bahay makikita ang malaking hagdanan na nababalutan ng karpeta, sa ikalawang palapag makikita ang mga porselanang Instik sa iba't ibang kulay at desinyo, ang mga dingding ay napalamutian ng mga relihiyosong likhang sining. Maliwanag ang mga ilaw at sumasabay sa tugtugin ng orkestra ang kalansingan ng mga kubyertos at pinggan.

Nagsisikip ang bulwagan sa mga bisita. Hiwalay ang grupo ng mga babae sa lalaki. Maikli at pabulong kung magsalita ang mga babae.

Nag-iisa ang may edad nang pinsang babae ni Kapitan Tiago sa pagsalubong ng mga bisitang ginang at dalaga, magalang itong magbigay ng hitso at sigarilyo sa mga dayuhang babae.

Sa isang sulok makikita ang grupo ng mga kadete na masayang nag-uusap, patingin-tingin sila sa mga bisita, may ituturo at saka lihim na pagtatawanan.

Masayang nag-uusap sa isang sulok sina Padre Sibyla, ang dominikong pari sa Binondo na dating propesor sa Kolehiyo ng San Juan de Letran, si Padre Damaso isang Pransiskanong pari na madaldal, pakumpas-kumpas kung magsalita, malakas tumawa, at masakit at prangkang magsalita. Kasama ng mga prayle ang dalawang sibilyan, ang isa ay pandak at ang ikalawa ay may mapulang buhok, anyong bagong dating sa Pilipinas. Ang tenyente ng gwardiya sibil ay kasama rin sa dalawang prayle at dalawang sibilyan. Ibinida ni Padre Damaso sa kanilang umpukan ang kanyang dalawampung taong pagiging kura-paruko sa San Diego. Nagkakaroon ng kanya-kanyang pagpapahayag na nagreresulta ng maiinit na sagutan. Hindi nanapigilan ng pari na mailabas ang kanyang mapanlait na ugali laban sa mga Indio.

Sinabi ni Padre Damaso na hindi dapat manghimasok ang pari sa pagpaparusa ng simbahan sa mga erehe. Ito ay tinututulan ni Tenyente Guevarra. Iginiit niya na may karapatan ang Kapitan-Heneral dahil siya ang kinatawan ng hari sa Espanya sa Pilipinas.

Pinalipat si Padre Damaso sa ibang lugar dahil pinahukay niya ang bangkay ng isang marangal na napagkamalang erehe dahil hindi ito nangugumpisal.

Umalis ang tenyente at lumipat sa ibang grupo. Pinakalma naman ni Padre Sibyla ang galit na galit na si Padre Damaso. Nagpatuloy ang kainan at pagdating ng mga bisita, kasama na dito ang mag-asawang doctor de Espadana at Donya Victorina na may kolorete sa mukha at nakasuot Europeo.

PAG -USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Sino –sino ang mga tauhang nakilala sa handaan?

2. Ano-anong mga katangian at kapintasan ng mga Pilipino ang inilarawan ng may akda sa kabanatang ito?

Kabanata 2 CRISOSTOMO IBARRA

Malugod na ipinakilala ni Kapitan Tiago sa mga panauhin si Crisostomo Ibarra. Siya ang anak ng yumaong kaibigan, si Don Crisostomo Ibarra, na kararating lamang mula sa Europa. Siya ay nakabihis ng luksang kasuotan. Makikita ang kanyang malusog na pangangatawan at isipan. Mababakas sa kanyang kaanyuan ang lahing Kastila – mataas sa karaniwan at mamumulang pisngi.

Nagulat si Padre Sibyla at nahalatang natatakot si Padre Damaso. Hindi naman maikakaila ang paghanga ng ibang panauhin nang marinig nilang ang anak ng nasirang Don Rafael Ibarra na namalagi sa Europa upang mag-aral, lalo na si Tenyente Guevarra. May pagtataka ngunit masayang binati ni Ibarra ang dating kura ng kanilang bayan, “ang matalik na kaibigan ng aking ama,” ang nasabi ni Ibarra na mariin namang itinaggi ng pari. Nagtakang inurong ni Ibarra ang iniabot na kamay sa pari, tumalikod upang harapin ang pormal na anyo ng tenyenteng nakatingin sa kanya. Masaya ang Tenyente sa ligtas na pagdating ng binata sa bansa. Ikinuwento ng Tenyente ang tungkol sa kabutihang loob ng ama nitong si Don Rafael Ibarra. Nabawasan ang pag-aalinlangan ng binata lalo na sa mga bagay na hindi siya naliliwanagan, ang tungkol sa pagkamatay ng kanyang ama. Napaluha ang militar, tumalikod at lumayo upang makisama sa ibang umpukan. Naiwang mag-isa si Ibarra. Nilapitan ang mga kababaihan, ang itinuring niyang pinakamagandang hiyas ng bayan. Kasunod naman niyang nilapitan ang mga kalalakihan. Ipinakilala niya ang kanyang sarili, alinsunod sa kaugalian ng Alemanya, ipinakilala ang sarili sa grupo ng mga panauhin kung ito ay walang kasama at makausap sa isang pagtitipon. Humingi siya ng pasensya dahil sa nasabing kaugalian. Ginawa niya ang kaugaliang ito hindi para ipaalam na siya’y galing sa ibang lugar kundi ito ay nararapat.

Isang ginoo ang lumapit sa kanya, nagpakilalang si Kapitan Tinong ng Tondo, matalik na kaibigan ni Kapitan Tiago. Inanyayahan niya si Ibarra sa pananghalian kinabukasan. Tinanggihan ito ni Ibarra dahil siya ay pupunta sa San Diego.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Ilarawan si Crisostomo Ibarra. Alin sa kanyang katangian ang lubos mong hinahangaan? Bakit?

2. Ano ang reaksiyon ni Padre Damaso nang makita si Crisostomo Ibarra?

Kabanata 3 SA HAPUNAN

Dumulog ang mga panauhin sa hapag-kainan para pagsaluhan ang inihandang hapunan. Tila siyang-siya si Padre Sibyla na lumapit sa mesa. Si Padre Damaso ay mukhang inis parin. Sinipa niya ang mga upuang nakaharang sa kanyang dinaraan. Bunga ng paggigitgan hindi sinasadyang natapakan ng tenyente ang laylayan ng damit ni Donya Victorina na ikinagagalit.

Umupo si Ibarra sa kabisera ng mesa samantalang pinagtalunan pa ng dalawang pari kung sino ang dapat maupo sa sentrong upuan. Para kay Padre Sibyla, si Padre Damaso ang dapat maupo doon dahil siya ay matagal ng kaibigan ni Kapitan Tiago at siya rin ang kompesor ng pamilya. Tinanggihan ito ni Padre Damaso dahil si Padre Sibyla ang kura ng lugar at siya ang nararapat umupo doon. Upo na sana si Padre Sibyla nang napansin niya ang tenyente at inalok niya ang upuan. Tumanggi ang tenyente dahil ayaw niyang pumagitna sa dalawang pari.

Abala na ang lahat sa hapag-kainan. Wala man lamang nakaalala sa may pahanda kundi si Ibarra. Ngunit tumaggi si Kapitan Tiago katulad ng ibang handaan.

Mas lalong umindi ang galit ni Padre Damaso ng dahil napunta sa kanya ay tinolang purong upo, leeg at pakpak ng manok. Habang ang kay Ibarra ay puro masasarap na bahagi ng manok.

Lalong humanga ang mga panauhin kay Ibarra nang mabatid nilang halos nalibot na ng binata ang buong Europa at gayundin sa kakayahan niyang makapagsalita ng ibang wika. Maraming katanungan ng mga panauhin ang sinagot ng binata, tulad ng kanyang na pag-aralan at napagtanto sa kanyang paglalakbay. Isinalaysay niya na bago siya maglakbay sa isang bayan, sinikap muna niyang malaman ang kasaysayan o unti-unting pagbabago tungo sa kaunlaran nito. Nakita niyang may tuwirang relasyon sa kalayaan at pagkaalipin ang kasaganaan at paghihikahos ng mga bansa at ito ay may kinalaman sa pagsusumakit at o sobrang pag-ibig sa sarili ng mga ninuno.

Habang kumakain ng hapunan patuloy ang panginginsulto ni Padre Damaso sa binata. Sa halip na gumanti at magalit ang binata kay Padre Damaso ay maayos pa rin niyang tinugon ang pangungutya ng matandang pari.

Pagkatapos ng hapunan magalang na nagpaalam sa mga naroroon.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Anong magandang katangian ni Ibarra masasalamang sa kanyang ginawang pagtugon sa pangungutya sa kanya ni Padre Damaso?

2. Kung ikaw si Ibarra, ano kaya ang itutugon mo sa ginawang pangungutya o panginginsulto ni Padre Damaso? Bigyang-katwiran ito.

Kabanata 4 EREHE AT PILIBUSTERO

Binaybay ni Ibarra ang daan patungo sa liwasan ng Binondo. Napansin niyang wala pa ring pagbabago sa lugar kahit pitong taon na siyang nawala. Sa paningin ni Ibarra ay walang pag –unlad ang siyudad na iyon. Naisip tuloy niyang parang isang gabi lang siyang umalis sa Pilipinas.

Habang abala sa pagmamasid sa paligid biglang may tumapik sa kanya Iyon ay si Tenyente Guevarra. Tinanong ni Ibarra sa tenyente kung alam ba niya ang dahilan ng pagkabilanggo ng kanyang ama.

Ayon sa kwento ni Guevarra si Don Rafael ang pinakamayaman sa kanyang lalawigan. Marami ang gumagalang at nagmamahal sa kanya, at marami ring galit at naiinggit.

Lumipas ang ilang buwan pagkatapos umalis si Ibarra, inakusahan ni Padre Damaso na erehe at hindi nangungumpisal si Don Rafael.

Nang mga panahong iyon, may isang Kastilang artilyero na natiwalag sa hukbo dahil sa masamang asal at kamangmangan. Dahil makasisira sa karangalan ng mga Kastila at kailangan ring kumita, ginawa siyang kolektor ng buwis ng mga sasakyan. Hindi siya na kapag-aral minsan man at na halata ito ng mga Pilipino. Isang araw binigyan siya ng dokumento nagdunong-dunungan ito sa pagbasa. Pinagtawanan siya sa grupo ng mga bata. Sa galit ng Kastila hinabol ang mga paslit. Nang hindi niya na habol ang mga nang–aasar binato niya ng baston at na tamaan ang isang bata. Natumba ito sa kalsada, pinagsisipa ito ng Kastila. Nagkataon namang dumaan si Don Rafael. Hinawakan nito ang artilyero sa bisig at inawat ito. Dahil sa malaking pangangatawan ni Don Rafael, inakala nitong sinaktan ang

Kastila. Sa pag–alma ng artilyero naitsa ito ng ilang talampakan at tumama ang ulo sa isang bato, sumuka ng dugo at na matay ilang sandali ang lumipas.

Nakulong si Don Rafael at naglabasan ang mga lihim niyang kaaway at nag sulputan ang mga huwad na testigo.

Humingi ng tulong ang tinyente upang mapawalang sala si Don Rafael. Subalit walang naglakas ng loob na tumulong sa pangangambang madamay sila sa kaso.

Bumagsak ang katawan at na matay si Don Rafael sa bilangguan nang walang mahal sabuhay na nakiramay.

Nakakapanghinayang dahil kung kailan na lagutan ng hininga si Don Rafael ay saka palang napatunayan na siya ay walang sala. Napag–alamang ang artilyero ay namatay dahil inataki pala sa altapresyon, at hindi dahil sa kagagawan ng Don.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Sino ang pinaratangan na *erehe* at *pilibustero*? Karapat –dapat ba siya sa paratang na ito? Bakit?

2. Ano-ano ang ipinagtapat ng matandang tenyente kay Crisostomo Ibarra?

Kabanata 5 BITUIN SA KARIMLAN

Dumating si Ibarra sa kanyang tinutuluyan sa Fonda de Lala. Agad itong naupo sa kanyang silid. Magulo ang kanyang isipan dahil sa kaiisip ng sinapit ng kanyang ama.

Habang magulo ang tumatakbo sa kanyang isipan sa sinapit ng ama pinagmasdan niya sa bintana ang kapaligiran.

Natanaw niya mula sa kanyang bintana ang maliwanag na bahay sa kabilang ilog.

Natanaw din niya ang isang magandang babae na may baling kinitang pangangatawan at may kasuotang diamante at ginto. Siya si Maria Clara. Kinagigiliwan siyang tingnan ng lahat kasama na ang batang pari na tahimik na nagmasid.

Patuloy na naglalaro sa isipan ni Ibarra ang malungkot at malupit na sinapit ng ama sa bilangguan nag-iisa nakahiga sa isang maruming banig, nag hihingalo. Paminsan –minsang tinawag ang kanyang pangalan.

Dahil sa pagod na isip at katawan ni Ibarra ay mabilis siyang nakatulog.

PAG -USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Bakit kaya pinamagatang “Bituin sa Karimlan” ang kabanatang ito? Sino kaya ang marilag na babae ang tinutukoy sa kabanata?

2. Bakit tila balewala kay Crisostomo Ibarra ang magandang tanawing kanyang nakita sa ibayo?

Kabanata 6

SI KAPITAN TIYAGO

Si Kapitan Tiago mas bata tingnan sa kanyang tunay na edad pandak at may kutis na kayumanggi. Mataba siya dahil biyaya ng langit gayon pa sa kanyang mga kaibigan ngunit para sa kanyang kaaway ang kanyang katabaan ay dahil sa pagsasamantala sa mga dukha. Maitim na buhok may matang hindi masinagan ng emosyon. Maliit at bilugan ang ulo katamtaman ang hugis ng ilong. Masasabing gwapo siya kung hindi ngingiti at makikita ang sungki-sungking ngipin dahil sa pananabako at pagnganganghitso na laging nakabukol sa kanyang pisngi.

Tinitingala si Kapitan Tiago dahil isa siya sa pinakamayamang mangangalakal sa Binondo. Marami siyang lupain at ari-arian sa iba’t-ibang lugar na tinataasan niya ng renta taon-taon. Kasosyo niya ang Instik sa pagnegosyo ng opium at kumikta sila rito ng limpak-limpak na salapi.

May konsesyon siya sa pagkain ng mga preso at may kontrata sa kabayo sa iba’t ibang kompanya.

Naniniwala siyang naipanalangin siya ng kanyang salapi sa pagpamisa ng pari, mabayaran ang mga dukha para siya ipagrosaryo. Sa tirahan ni Kapitan Tiago ay makikitang isang magandang kapilya na puno ng santo’t santa. Hindi siya nagpapahuli kung abuloy na panrelihiyon ang pag-uusapan.

Sa taunang parangal sa Birhen ng Antipolo, si Kapitan Tiago ang karaniwang gumagasta ng malaki para balikatin ang halaga ng dalawang misa.

Kasundo niya ang opisyal ng pamahalaan at masunurin siya sa batas. Nagreregalo siya ng hamon, baboy, pabo, prutas mula sa Tsina. Lagi siyang may handang orchestra na bumabati at humaharana sa mga kaarawan ng Kapitan Heneral, alkalde at mga piskal.

Ipinapalagay ni Kapitan Tiago na hindi siya Pilipino na siya ay napabilang sa Kastila. Nangunguna siya sa pamimintas ng mga katutubo.

Nag-iisang anak si Kapitan Tiago ng isang mag-aasukal. Mayamang maituturing ang mga magulang nito ngunit ganid na ayaw gastuhan ang pag-aaral ng anak. Napilitan itong mamasukan sa isang Dominikong pari noong siya ay musmos pa lang.

Umalis si Kapitan Tiago sa simbahan ng mamatay ang Dominikong pari. Sa kanyang pagbibinata ay hinarap niya ang pagiging mangangalakal. Nakilala at kalauna'y pinakasalan niya ang isang magandang babae na taga-Santa Cruz, si Pia Alba.

Nagtulungan ang dalawa upang paunlarin ang kanilang kabuhayan. Isang malungkot na pangyayari sa anim na taon nilang pagsasama ay hindi sila nagkaroon ng anak.

Pinayuhan siya ni Padre Damaso na mag punta sa Obando upang sumayaw at humingi sa piyesta ni San Pascual Bailon.

Dahil sa payo ay nagdalang-tao si Donya Pia. Pero isang napakaselang paglililihi ang dinanas nito. Naging malungkutin siya at nawala ang dating matamis na ngiti. Isang napakataas na lagnat ang dumapo dito dahil ng kanyang pagkamatay. Naiwan niya ang isang magandang sanggol na babae. Pinangalanan itong Maria Clara bilang pasasalamat kina Nuestra Senora de Salambao at Santa Clara. Naging ninong ni Maria Clara si Padre Damaso dahil ito ay kaibigan at tagapayo ng mag-asawa.

Lumaki si Maria Clara sa pangangalaga ni Tiya Isabel. Nanirahan ito sa San Diego dahil tuwang-tuwa sa kaniya si Padre Damaso.

Si Maria Clara ay mayroong malalaki at maitim na mga mata, mahahabang pilik mata, mamula-mulang kulot na buhok, at matangos na ilong, maninipis na labi, at makinis at maputing balat.

Giliw na giliw maging ang mga parisa kanya. Lagi binibihisan si Maria Clara ng puting-puting damit at inaadornohon ng mga sariwang halaman tuwing prusisyon.

Nang siya'y nagdadalaga ipinasok sa kumbento ng Santa Catalina si Maria Clara upang matutunan ang isang istriktong pag-aaral kung paano maging relihiyosa.

Malungkot siyang nagpaalam kay Padre Damaso at kay Ibarra na siyang kaibigan niya mula pagkabata. Pitong taon itong mamamalagi sa kumbento kung saan ay paminsan-minsan lang maaaring makausap ang mga tagalabas sa pamamagitan ng mga siwang ng rehas na bakal.

Nang pamasok sa beateryo si Maria Clara ay siya namang pag-alis ni Crisostomo Ibarra upang mag pakadalubhasa pag-aaral sa Europa. Naging matapat sa isa't isa sina Ibarra at Maria Clara kahit na nasa magkalayong lugar silang dalawa. Batid ng dalawang ama ang Dalisay nilang pag-iibigan kaya nabuo ang plano na ipakasal sila pagkatapos ng paglalakbay ni Crisostomo.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Sino si Kapitan Tiago? Masasabi mo bang siya ay mabuting tao? Bakit?

2. Bakit kasundo ni Kapitan Tiago ang gobyerno sa kabila ng illegal na bagay na kanyang ginagawa sa lipunan?

Kabanata 7 SUYUAN SA BALKONAHE

Maagang nagsimba si Maria Clara at Tiya Isabel. Sa simbahan ay hindi na mapakali si Maria Clara dahil alam niyang darating sa araw na iyon si Ibarra. Sa bahay pagkatapos ng almusal nagagansilyo si Maria Clara upang hindi mainip sa paghihintay ng pagdating ni Ibarra. Hindi mapakali ang dalaga sa tuwing may karwahing hihinto sa tapat ng kanilang bahay sa pag-aakalang si Ibarra na ang dumating. Sumang-ayon sa payo ng doktor si Kapitan Tiago na magbakasyon sa San Diego ang dalaga upang maibalik nito ang pamumula ng pisngi, ikinatuwa naman ito ni Maria Clara dahil doon ay makikita niya si Ibarra.

Ilang sandali lang ay dumating na si Ibarra. Hindi maitago ang pananabik at kaba ni Maria Clara sa pagkikita nila ng kanyang kasintahan. Pumasok sa kanyang silid si Maria Clara upang mag-ayos at siya’y tinulungan ni Tiya Isabel.

Sa balkonahe nag-usap nang masinsinan tungkol sa kanilang nararamdaman at sumpaan sa isa’t isa ang makasintahan. Muli nilang sinariwa ang kanilang matatamis na alaala at wagas na sumpaan bago sila ganap na nagkahiwalay, pitong taon na ang nakalipas. Ipinakita ni Ibarra ang tuyong dahon ng sambong sa kanyang pitaka na bigay noon ni Maria Clara. Ipinakita din ni Maria Clara ang liham niya na bigay ni Ibarra sa kanya. Muling binasa ni Maria Clara ang laman ng liham. Sinabi sa liham ang dahilan ng kanyang pagpunta sa Europa, ang kagustuhan ng amang makapag-aral ito raw ay makabubuti sa kanyang kinabukasan at paglilingkod sa bayan. Masakit man sa kanyang kalooban na iwanan ng binata ang kanyang minamahal ay sinunod niya ang kanyang ama na tumungo sa Europa upang mag –aral nang sa gayon sa kanyang pagbabalik ay higit niyang mapaglingkuran ang kanyang Inang-bayan. Habang nagbabasa si Maria Clara sa liham ay pinatigil siya ni Ibarra. Naaalala ni Ibarra na Todos Los Santos kinabukasan, kailangan niyang umuwi sa San Diego at marami pa siyang gagawin.

Umiyak na napasukan ni Kapitan Tiago si Maria Clara sa harap ng imahe ng Berhin, bilang pang-aliw sa dalaga ay sinabihan niya itong magtulos ng dalawang kandila para kay San Roque at San Rafael na pintakasi ng manlalakbay.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Ilahad at ilarawan ang mga napag –usapan at damdaming namayani kina Crisostomo Ibarra at Maria Clara sa kanilang pag-uusap.

2. Ano-anong kaugalian at pagpapahalagang Pilipino ang masasalamín sa kabanata? Ginagawa pa rin ba ito ng kabataan sa kasalukuyan?

Kabanata 8 MGA ALAALA

Naibsan kahit papaano ang kalumbayan ni Crisostomo Ibarra dahil na aliw siya sa pagmamasid sa larawan ng masiglang Maynila habang sakay ng karuwahe. Nagpapasigla rin sa kanya ang mga kalesa at karumata, mga Intsik, Europeo at mga Pilipino sa kani-kanilang mga kasuotan, mga nagtitinda ng samu't saring paninda, mga ahente at kargador. Nakapagdagdag nito ang pagtanaw niya sa mga tindahan ng pagkain at mga karitong hila-hila ng mga kalabaw. Ang lahat ng ito ay pumupukaw sa kanyang di-mabilang na alaala.

Napansin niya ang mga lansangan ay di pa nalalatagan ng bato kung kaya't umaalimbukay pa ang alikabok subalit ang lalong nakapagpainit ng ulo ay kapag tag-ulan dahil ang daan ay nagiging lubak-lubak at tumitilamsik ang mga tubig at putik sa managdaraan.

Ang mga puno sa daraanan ay nanatili pa ring bansot at walang pag-unlad ang Escolta gayong pitong taon siyang nawala. Tanging magagarang sasakyan lamang ang dumarami.

Nang mapalingon siya sa Jardin Botanico, naihambing niya ang halamanan sa Europa sa pook-pasyalang iyon. Ang Europa ay umuusad sa kaunlaran samantalang ang Maynila ay nakuntento na lamang sa kanyang kalagayan.

Nang mapadaan sa Bagumbayan, gumitaw sa kaniyang alaala ang bilin ng kaniyang dating guro bago siya nagtungo sa Europa. “Ang mga banyaga’y naparito upang humanap ng ginto, kaya pumaroon ka naman sa kanila upang kunin ang ginto nila.” Aniya, kailangan di umanong payabungin ang karunungan upang maituro sa salin-lahi at maging pamana sa mga ito.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Paano inilarawan ni Crisostomo Ibarra ang Escolta?

2. Bakit nasabi ni Crisostomo Ibarra na ibang-iba ang Matandang Maynila sa mga tanawing nakita niya sa Europa?

Kabanata 9 **MGA BAGAY-BAGAY UKOL SA BAYAN**

Pagkatapos ng misa, dinalaw ni Padre Sibyla ang isang matandang pari sa Maynila at di niya mapigilang makadama ng awa para ditto. Isinalaysayniya ang tungkol sa pagkakakilala niya kay Ibarra at ito’y isang mabuting tao. Dagdag pa niya, malaki ang maitutulong nina Ibarra, Maria Clara at Kapitan Tiyago sa lalong ikakapanatag ng kanilang korporasyon.

Waring nasiyahan ang kausapsubalitlalo raw mabuti kung is Ibarra ay magpapasyang maging kaaway nila. Napatinging nalilito si Padre Sibyla.

“Sa ikapapanuto ng ating korporasyon,” aniya ng paring maysakit. “Minamabuti ko ang pagtutuligsa kaysa sa mga walang saysay na papuri ng mga kaibigang nababayaran din lang naman.”

Nagpatuloy pa ang may sakit. “Kailangang tayo’y kalabanin at gisingin upang madama natin ang ating kahinaan. Napadadala tayo sa mga hungkag na papuri. Ang di-mapigil na pagtaas ng buwis taon-taon at ang unti-unting pagliwanag sa isipan ng mga tao sa ating mga gawain ang nagtulak sa mga Indiyo upang bumili ng mga bukirin sa ibang dako. Tayo ang gumagawa ng dahilan ng ating pagbagsak. Natatakot ako na tayo’y nagsisimula na sa paghina. Di nadapat pang dagdagan ang ating pagsasamantala sapagkat ang bayan ay unti-unti nang nagigising....

Makaraan ang ilang sandali, si Padre Sibyla ay nagpaalam na.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Ano-anong maling ginawa ng mga prayle na maaaring maging daan sa kanilang pagbagsak ang iniisa-isa ng matandang pari?

2. Ano ang iyong mahihinuha sa sinabi ng matandang pari na, “ *Di na dapat pang dagdagan ang ating pagsasamantala sapagkat ang bayan ay unti-unti nang nagigising?*”

Kabanata 10

ANG BAYAN NG SAN DIEGO

Isang nakatiwangwang na gubat na nilinang at pinagyaman ng angkan ni Ibarra ang bayan ng San Diego. Ibayong pagsisikap ang ipinuhunan ni Don Rafael, ama ni Ibarra, upang mapaunlad ang naturang bayan.

Si Don Rafael ay kinagiliwan ng mga magsasaka dahil sa ugaling kataliwas ito sa ama, lalo na sa pakikipagkapwa-tao, kung kaya't di naglaon, ang bayan ng San Diego na isa lamang gubat noon ay naging isang maunlad na bayan.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Ilarawan ang bayan ng San Diego. Masasabi mo bang ito ay maunlad at payapang lugar? Bakit?

2. Paano nakatulong sa pag unlad ng bayan si Don Rafael Ibarra?

Kabanata 11

MGA MAKAPANGYARIHAN SA BAYAN NG SAN DIEGO

Kura at Alperes – ang dalawang taong nag-aagawan sa kapangyarihan ng bayan ng San Diego. Ang kura ay si Pari Bernardo Salvi na lalong kilala sa tawag na patay na langaw. Ang alperes naman ay siyang pinuno ng mga guwardiya sibil. Waring maitutulad ang kurasa. Papa na nasa siyudad ng Batikano ng Roma at ang alperes sa hari ng Italya.

Sila ang dalawang taong sinusunod at kinikilala sa bayang ito. Hindi magkasundo at gumagawa ng mga sari-sariling paraan upang makapaghiganti sa isa't isa. Subalit kapag nagkikita sa anumang pagtitipon-tipon, sila'y mapitagang nagkakamay at nagbabatian na para bang walang sigalot na namamagitan sa kanila.

Ang mga maginoong ito'y siyang makapangyarihan sa bayan ng San Diego.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Sino-sino ang itinuturing na makapangyarihan sa San Diego? Paano sila naging makapangyarihan?

2. Paano nagkakatulad ang San Diego sa Roma?

Kabanata 12

ARAW NG MGA PATAY

Kaugalian ng mga Pilipino ang dumalaw sa mga mahal sa buhay na sumakabilang-buhay na. Isa ito sa mga kulturang Pilipino na patuloy na nabubuhay. Pinapatunayan lamang na ang mga Pilipino ay may matibay na pagpapahalaga sa tao kahit ito’y pumanaw na.

Makipot ang landasin sa libingan ng bayan ng San Diego. Maalikabok kung tag-araw at dagat-dagatan kung tag-ulan.

Maraming tao sa libingan ng araw na iyon. Naghahanap ng puntod sa mga yumaong mahal sa buhay. Sa isang dako ng libingan, dalawang tao ang naghuhukay ng isang bagong libing pa lamang. Ang sepulturero ay nagsasalaysay sa kanyang kasama tungkol sa isang bangkay na dadalawampung araw pa lamang nailibing na ipinahukay sa kaniya at ipinalipat ang bangkay sa libingan ng mga Intsik. Dahil masama ang panahon ng araw na iyon at pasan-pasan pa niya ang bangkay, itinapon na lamang niya ito sa lawa.

Gayon na lamang ang panggigilalas ng ikalawang sepulturero at naitanong kung bakit nakagawa ito ng isang nakaririmarim na gawain. Sinagot siya nito nakailangang sundin ang utos ng kurang malaki o malagay sa panganib ang kanilang buhay.

Walang ibang nagawa ang ikalawang sepulturero kundi kumaripas na lamang ng takbo.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Anong kulturang Pilipino ang inilahad sa kabanata?

2. Ano ang naging paksa ng dalawang sepulterero? Ano ang kaugnayan nito sa ama ni Crisostomo Ibarra?

Kabanata 13

ANG BADYA NG UNOS

Dumating si Crisostomo Ibarra sa sementeryo at hinanap ang puntod ni Don Rafael, ang kanyang ama. Kasama ni Ibarra ang isang matandang utusan niya. Sinabi ng matanda kay Ibarra na si Kapitan Tiyago ang nagpagawa ng nitso ni Don Rafael at tinaniman din niya ng mga bulaklak at nilagyan ng krus.

Sa daan ay nasalubong nila ang sepulturero at tinanong nila ito at sinabi nila ang palatandaan ng libingan ni Don Rafael. Nasindak si Ibarra nang ipagtapat ng sepulturero na kanyang sinunog ang krus at itinapon naman ang bangkay sa lawa dahil sa utos ni Padre Garote. Higit umanong mabuti na mapatapon ang bangkay kaysa makasama pa ito sa libingan ng mga Intsik.

Parang pinagtakluban ng langit at lupa si Ibarra. Nasindak siya ng husto. Ang matanda naman ay napaiyak sa kanyang narinig. Parang baliw na nilisan ni Ibarra ang kausap hanggang sa makasalubong niya si Padre Salvi na nakabaston. Parang nauupos sa pagkakatayo ang pari dahil sa bigat ng mga kamay ng binata na nakadagan sa kanyang mga balikat at tuluyan itong napaluhod. Tinanong ni Ibarra si Padre Salvi kung bakit nagawa nila ang malaking kalapastangan sa kanyang ama. Nagpaliwanag si Padre Salvi at nalaman ni Ibarra na si Padre Damaso pala ang may kagagawan ng lahat ng iyon.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Ano- anong mahalagang katotohanan ang naisiwalat o naipahayag sa kabanatang ito?

2. Ano-anong mahalagang pangyayari at kaisipan ang natatak sa iyong isipan sa kabanatang binasa?

Kabanata 14 PILOSOPONG TASYO

Si Don Anastaciona na mas kilala bilang si Pilosopong Tasyo ang itinuturing na pinakamatalinong tao sa San Diego. Nag-aaral siya ng pilosopiya ngunit hindi rin ito natapos. Mayaman ang kanyang ina kaya siya nakaabot ng kolehiyo subalit sa takot ng ina na baka makalimot siya sa Diyos sa labis na katalinuhan, pinapili niya si Pilosopong Tasyo, ang magpari o ang huminto sa pag-aaral. Nakapag-asawa siya ngunit sa kasawiang palad ay agad ring nabalo. Dahil sa labis na pangulila ay ibinaling niya ang kanilang kabuhayan hanggang sa bumagsak at naghirap. Inukol na lamang ni Tasyo ang sarili sa pagbabasa ng mga aklat. Ang mga taong nag- aaral ang tumawag sa kanyang Pilosopong Tasyo dahil sa likas niyang talino. Ngunit para sa mga walang pinag-aralan pinagkakamalang kabaliwan ang kanyang katalinuhan kaya't tinagurian siyang Tasong baliw.

Bagamat nang hapong iyon, mayroong babala na darating ang unos sapagkat matatalim na kidlat ang gumuguhit sa nagdidilim na langit, masaya pa rin ang hitsura ni Pilosopo Tasyo. Ito ang ipinagtaka ng mga taong nakakausap niya. Tinanong siya kung bakit, direktso ang sagot niya na ang pagdating ng bagyo ang tangi niyang pag-asa sa pagkatito ang magdadala ng mga lintik na siyang papatay sa mga tao at susunog sa mga kabahayan. Sana daw magkakaroon din ng delubyo sapagkat may sampung taon na ngayon, isinuwestiyon niya sa bawat kapitan ang pagbili nila ng tagahuli ng kidlat ngunit siya'y pinagtawanan lamang ng lahat. Iniwanan ni Tasyo ang kaniyang kausap at nagtuloy ito sa simbahan. Inabutan niya ang dalawang bata sa pagsasabing ipinaghahanda sila ng kanilang ina ng hapunang pangkura. Tumanggi ang mga bata.

Nagtuloy siya sa bahay ng mag-asawang Don Filipino at Doña Teodora Viña. Masayang sinalubong ng mag-asawa at itinanong kung Nakita niya si Ibarra na nagtungo sa libingan at sumagot siya sa pagsasabing Nakita niya itong bumabasa karwahe. Naramdaman niya ang naramdaman ni Ibarra nang hindi makita ang libing ng ama.

Ayon kay Tasyo, isa siya sa anim na ka taong nakapaglibing kay Don Rafael at siya ang humarap bilang saksi sa Kapitan Heneral dahil ang lahat dito ay natatakot magsabi ng katotohanan. Nagsawalang kibo ang mga makapangyarihan sa sinapit ni Don Rafael lalo na sa ginawang paglapastangan sa kanyang bangkay. Sa pag-uusap pa rin nila nabanggit nila ang tungkol sa purgatoryo. Sinabi ni Tasyo na hindi siya naniniwala sa purgatoryo. Pero, sinabi niyang iyon ay mabuti, banal at maraming kabutihan ang nagagawa nito sa tao upang mabuhay ng malinis at dalisay na pamumuhay.

Pagkuwa'y nagpaalam na siya. Palakas ng palakas ang buhos ng ulan. Ito ay sinasalitan ng matalim na kidlat at kulog. Siyang-siya si PilosopoTasyo sa gayong pangyayari sapagkat nakataas ang kanyang dalawang kamay at nagsisigaw habang naglalakad papalayo sa mag-asawa.

PAG –USAPAN NATIN: Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kabanata.

1. Sino si Pilosopong Tasyo? Ano ang dahilan ng kanyang paghihirap at pagkakaroon ng kakaibang kilos at pananalita?

2. Anong mahalagang pahayag ang sinambit ni Pilosopong Tasyo tungkol sa purgatoryo? Ganito rin ba ang iyong paniniwala hinggil dito ? Bakit?

Alam mo ba?

Ang bawat bansa ay may kanya –kanyang kultura. Ang kultura ng isang bansa ay maaring nakapagbibigay impluwensya sa ibang bansa. Ang mga Pilipino ay may mga kaugalian at kulturang naimpluwensyahan ng mga Kastilang mananakop ng ating bansa.

Ang salitang **Indio** ay tawag ng mga Espanyol sa mga katutubo ng Pilipinas. Negatibo ang kahulugan ng salitang ito sapagkat ito ay ginamit bilang pag-aalipusta sa mababang kalagayan ng mga Pilipino.

Ang **erehe** ay isang Kristiyanong sumusuway at ayaw masampalataya sa ilang kautusang ipinag –uutos ng simbahang katoliko Romano. Samantalang ang **pilibustero** ay taong kalaban ng mga prayle o ng relihiyong Katoliko Romano. Tinatawag ding pilibustero ang mga Pilipinong may radikal na kaisipang di nagpapasakop sa pamahalaang pinangungunahan ng relihiyon at ng hukbo. Ang **subersibo** naman ay mga taong lumalaban sa umiiral na sistema ng pamahalaan.

May kaugalian sa Alemanya na kung walang nagpakilala sa isang panauhin ay siya mismo ang nagpakilala sa kanyang sarili. Ang kaugaliang ito ay ginawa ni Crisostomo Ibarra.

Alam mo rin ba na ang...

Tunggalian- ay tumutukoy ito sa problemang kinakaharap ng pangunahing tauhan.

Mga uri ng tunggalian:

1. **Tao laban sa sarili** – isang uri ng tunggalian na panloob dahil nangyayari ito sa loob ng tauhan. Kalaban ng pangunahing tauhan ang kaniyang sarili. Nakikita o napapansin ito kapag ang pangunahing tauhan ay nahihirapan sa pagdedesisyon, sa tama ba o mali.
2. **Tao laban sa tao** – ito ang pinakaunang halimbawa ng panlabas na tunggalian. Sa tunggalian na ito, ang kalaban ng pangunahing tauhan ay isa pang tauhan. Ito ang klasikong bida laban sa kontrabida na eksena.
3. **Tao laban sa kalikasan-** sa tunggalian naman na ito, ang pangunahing tauhan ay naapektuhan ng mga pwersa ng kalikasan. Halimbawa, ang biglaang pagputok ng bulkan na maaaring maglagay sa pangunahing tauhan sa panganib.
4. **Tao laban sa Lipunan-** ang pangunahing tauhan sa tunggalian na ito ay nakikipagbanggaan sa lipunan. Halimbawa nito ang pagsuway sa mga alintuntunin ng lipunan o di kaya ay ang pagtakwil sa kultura ng lipunan.

Pagsasanib Gramatika:

Maligayang pagdating sa bahaging ito. Aalamin mo sa bahaging ito ang tungkol sa antas ng pormalidad ng wika at mga tamang pahayag sa pagpapahayag ng opinion.

A. Pampanitikan

May antas ng pormalidad ang wika. Ito ay ang dalawang uri ng pormal na salita. Ito ang pambansa at pampanitikan.

Pambansa –yaong ginamit sa pamahalaan mga aklat, o mga wikang ginamit sa pagtuturo.

Pampanitikan – salitang ginagamit ng mga manunulat at dalubwika. Ito ay mga salitang may malalim na kahulugan at ginagamit na mga pahiwatig.

Halimbawa: Pambansa – asawa

Pampanitikan – kabiyak

Pambansa – problema

Pampanitikan – tinik

B. Gramatika at Retorika:

May mga pahayag na ginagamit sa pagpapahayag ng damdamin at paninindigan. Narito ang ilan sa kadalasang ginagamit.

1. Iba't ibang paraan sa pagpapahayag ng damdamin at emosyon:

- Mga pangungusap na padamdang –nagpapahayag ng matinding damdamin o emosyon. Ginagamitan ito ng bantas na tandang padamdang (!).

Halimbawa: Bawiin mo ang iyong sinabing kasinungalingan!

- Maikling sambitla- ito ay mga sambitlang iisahin o dadalawahing pantig na nagpapahayag ng matinding damdamin.

Halimbawa: Aray! Lagot! Naku! Aba!

- Mga pangungusap na nagsasaad na tiyak na damdamin o emosyon ng isang tao. Kadalasan, ito'y mga pangungusap na may anyong pasalaysay kaya't mahihinuhang hindi gaanong matindi ang damdaming ipinahayag subalit maaari ding maging pangungusap na padamdang na nagsasaad naman ng matinding damdamin.

Halimbawa:

Kasiyahan: Natutuwa ako sa iyong pagdating G. Crisostomo.

Pagtataka: Bakit hindi baliktad ang papel na kanyang binasa?

Pagkalungkot: Ikinalulungkot ko ang nagyari sa iyong ama.

- Mga pangungusap na nagpapahiwatig ng damdamin sa hindi diretsahang paraan.

Halimbawa: Nakalulungkot isiping ang iyo ama ay sumakabilang buhay na bago kayo nakarating.

2. Iba't ibang paraan sa paglalahad ng katwiran o paninindigan.

Pangangatwiran – ay paraan ng pagpapahayag na may layuning manghikayat at magpapaniwala sa pamamagitan ng makatwirang pananalita.

- Ginagamit ang mga **pangatnig na pananhi** na *dahil sa/kay, sanhi sa/kay, gawa ng, pagkat o sapagkat, palibhasa, mangyari, kasi, dangan kasi, kaya, kung kaya.*
- Gumagamit din sa **pagbibigay ng katwiran/paninindigan** ng pang-abay na panang-ayon tulad ng *totoo, tunay, talaga, siyanga, totoo.*
- Gumagamit din ng **pang-abay na pananggi** tulad ng *hindi/di, huwag, wala, ayaw, aywan.*



Binabati kita sa iyong pagsisikap na mabasa ang pasimulang mga kabanata ng Noli Me Tangere, ang uri ng tunggalian, at ang bahaging pagsasanib ng gramatika.

Upang malaman natin ang iyong natutunan sa araling ito ay sagutin mo ang bahaging “Suriin”.

Inaasahan ko ang iyong masigasig na pagsagot sa mga gawain.

Paabutihan mo!



Suriin

Gawain 1: Sa Antas ng Iyong Pag-unawa.

Panuto: Sagutin mo ang sumusunod na tanong upang masukat ang antas ng iyong pag-unawa sa binasa.

1. Ilarawan ang “handaang” tinutukoy sa kabanata 1. Masasabi mo bang ito ay masaya at mahalagang piging?

2. Anong kaugalian sa Alemanya sa pakikipagkapwa na wala sa kulturang Pilipino, ang ginawa ni Ibarra? Kung ikaw ang nasa kanyang kalagayan, gagawin mo ba ito? Bakit?

3. Ilarawan ang naging damdamin ng mga pangunahing tauhan nang sila'y dumulog sa hapag-kainan.

4. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Crisostomo Ibarra, ano ang iyong magiging reaksiyon, damdamin at maisip kapag nabatid mo ang mapait na sinapit ni Don Rafael?

5. Ano-ano ang mga kaugaliang Pilipino ang nasasalamín sa mga kabanata 1 hanggang 7?

6. Ilarawan ang pag -uugaling nangingibabaw sa katauhan ng mga prayle o paring Kastila batay sa pangyayari ng nobela.

7. Ano ang iyong nararamdaman sa pakikitungo ni Padre Damaso kay Crisostomo Ibarra?

8. Kung dumating ang panahong kailangan mong pumili sa pagitan ng pagbig o pagsunod sa magulang, alin ang pipiliin mo sa dalawa? Bakit?

9. Ano ang magiging epekto ng pagkakaroon ng mga lider tulad nina Kura Pari Salvi at ng Alperes sa lipunan? May kahalintulad ba sila sa ating lipunan ngayon? Patunayan ang iyong kasagutan.


10. Kailan dapat bigyan ng ibayong paggalang at pagpapahalaga ang isang tao, habang siya ay nabubuhay pa o kung siya ay patay na? Bigyang-katwiran ang iyong sagot.

Gawain 2

Matutunghayan sa akda ang iba't ibang mukha ng pag-ibig o pagmamahal. Binibigyang-halaga sa kabanata 1 hanggang 7 ang nararapat na pagmamahal para sa magulang, kasintahan, kapwa at ang pagmamahal sa bayan. Suriing mabuti ang mga sumunod na pahayag at ilagay ito sa hanay na kinabibilangan nitong uri ng pag-ibig. Pagkatapos magbigay ng iyong reaksiyon hinggil sa nasabing pahayag. Punan ang talahanayan sa ibaba.

- A. "Napuno ng luha ang mga mata ng aking ama. Napaluhod ako at niyakap ko siya. Humingi ako ng tawad at sinabing handa na akong maglakbay."
- B. "Ang mga pag-ibig mo ay isa-isa pa lamang sumisilang samantalang ang sa akin ay isa-isa nang naghihingalo. Sumusulak pa ang dugo sa iyong mga ugat samantalang ang sa akin ay unti- unti nang nanlalamig. Ngunit umiyak ka at nang hindi makapagtiis ngayon alang-alang sa ikabubuti ng iyong inang bayan."
- C. "Maaari ba kitang malimot? Paano ko tatalikuran ang isang sumpa? Isang banal na sumpa. Natatandaan mo pa ba nang isang gabing bumabagyo ay lapitan mo ako sa tabi ng bangkay ng aking ina? Ipinatong mo sa aking balikat ang iyong palad... ang palad mong hindi ko man lang nahawakan.... Sabi mong 'nawalan ka ng ina. Ako'y hindi nagkaroon ng ina kailanman. 'at nakisalo ka sa aking pagluha"
- D. "May kaugalian sa Alemanya na kung walang magpakilala sa isang panauhin ay siya mismo ang magpakilala sa kanyang sarili. Ituloy ninyong gayahin ko ang kaugaliang iyon, hindi dahil sa kagustuhan kong magpasok ng ilang ugali dayuhan, kundi dahil lamang sa hinihingi ng pagkakataon.

Uri ng Pag-ibig	Napiling Pahayag	Reaksyon
Pagmamahalsamagulang		
Pagmamahalsakasintahan		
Pagmamahalsakapwa		
Pagmamahalsa bayan		



Pagyamanin

Gawain 1: DAMDAMIN MO, IPAHAYAG MO

Panuto: Pumili at isulat ang bahagi ng kabanata na naantig ang iyong damdamin (maaring masaya, malungkot, nainis, nagulat at iba pa). Pagkatapos ipahayag mo ang iyong nararamdaman sa bahaging napili.

Kabanata	Pangyayari	Damdamin
Kabanata 1 Isang Handaan		
Kabanata 3 Sa Hapunan		
Kabanata 6 Si Kapitan Tiago		

Gawain 2: PILI KO 'TO, PANINDIGAN KO

Panuto: Pumili ng bahagi ng kabanata at ipahayag mo ang iyong matibay na paninindigan tungkol dito. Punan ang Talahanayan.

Pangyayari sa Kabanata 4 Erehe at Subersibo	Matibay Kong Paninindigan
Kabanata 7 Suyuan sa Balkonahe	Matibay Kong Paninindigan

Gawain 3: Pagsusuri sa pahayag.

Panuto: Piliin ang mga pahayag na nagpapakita ng tunggalian mula sa mga piling kabanata sa ibaba at tukuyin kung anong uri ng tunggalian ang nasabing pahayag. Punan ang talahanayan ayon sa hinihingi.

Mga Kabanata	Piling Pahayag/Pangyayari	Uri ng Tunggalian
1. Kabanata 3: Sa Hapunan		
2. Kabanata 4: Erehe at Pilisbustero		
3. Kabanata 11: Ang Mga Makapangyarihan sa Bayan ng San Diego		



Mahusay! Nakaya mo ang lahat na gawain. Batid kong napayabong na ang iyong kaalaman tungkol sa antas ng pormalidad ng wika at mga ekspresyon na ginagamit sa pagpapahayag ng damdamin at matibay na paninindigan. Nasisiyahan ka ba? Gawin ang sumusunod na gawain.



Isaisip

A. Panuto : Punan ng wastong impormasyon ang sumusunod na talahanayan.


ANO ANG AKING NATUTUNAN?	GAANO ITO KAHALAGA?
1.	
2.	
3.	

B. Panuto: Kompletuhin ang sumusunod na pahayag.

1. Mahalagang matutunan ang paggamit ng mga ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin at paninindigan sapagkat _____

_____.
2. Maraming paraan sa pagpapahayag ng emosyon at damdamin tulad ng _____

_____.
3. Mainam na matutunan natin ang dalawang antas ng pormalidad ng wika dahil _____
_____.
4. Ang tunggalian ay _____.
5. May apat na uri ang tunggalian. Ito ay ang mga _____, _____,
_____, _____.



Isagawa

Gawain 1

Panuto: Sumulat ng isang maikling sanaysay sa sumusunod na sitwasyon. Gamitin sa iyong sanaysay ang mga ekspresyong nagpapahayag ng damdamin at matibay na paninindigan.

May ilang mga tauhan sa kabanata na may pagkakatulad ni Rizal nananiniwalang “ang kabataan ay pag-asa ng bayan.” Bilang isang kabataan, paano ka makatutulong sa pag-unlad ng bansa, sa pagpalaganap ng katarungan at paghadlang sa katiwalianang nangyayari sa pamahalaan?

Rubrik sa Pagsulat ng Iskrip

Pamantayan	Puntos
1. Malinaw at maayos ang pagkakasulat sa iskrip	
2. Naglalaman ito ng mga ideyang laban o sang-ayon.	
3. Malaman at makatarungan ang nilalaman.	


10- napakahusay

4 - di mahusay

8 - mahusay

2 - maraming kulang

6 - katamtaman



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa kuwaderno.

Para sa bilang 1 – 3 basahin ang pahayag.

Biglang kumalat ang balitang magdaos ng handaan si Kapitan Tiago. Nakarating ito sa mga linta, bangaw at kantanod ng bayan.

- Ano ang ibig sabihin ng salitang may salungguhit?
 - isang hayop na sumisipsip ng dugo
 - taong nangungurakot o peneperahan ang kapwa
 - mangangalakal na nagpapautang
 - negosyanteng yumaman dahil sa pangangalakal
- Anong antas ng pormalidad ng wika ang ginamit ng sinasalungguhitan?

A. Pambansa	B. pampanitikan
C. Panrehiyon	D. pandamdamin
- Kung ikaw ang nasa katayuan ni Crisostomo Ibarra, ano ang iyong damdamin pagkatapos mong malaman ang tunay na dahilan ng pagkamatay ng iyong ama?
 - Nasisiyahan dahil alam ko na ang totoong nangyayari.
 - Nalulungkot dahil namatay ang aking ama na hindi ko man lang nadamayang sa kanyang paghihirap at mga huling sandali.
 - Natatakot baka magmulto ang kanyang kaluluwa upang huminging katarungan.
 - Nababahala baka ako ang babalingan ng korte sa kasalanang nagawa ng aking ama.

4. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng matibay na paninindigan ng tauhan?
- Kumbinsido akong totoong walang kasalanan si Don Rafael sa kasalananang isinakdal sa kanya.
 - Sa tingin ni Kapitan Tiago, nilikha ang mga dukha para sa kapakanan ng mga mayayaman.
 - Mahigpit kong ipinagbawal ang pagsasama ng lalaki at babae sa iisang umpukan.
 - Sa aking palagay, nilikha ang mga pari upang makapagmisa at manalangin ng hayagan.

Para sa bilang 5-9. Basahin ang pahayag sa loob ng kahon.

Naiwang mag-isa si Ibarra. Wala ang may-ari ng bahay. Wala siyang malapitan upang magpakilala sa kanya sa mga dalagang panauhin. Gayunman ay napansin niyang maraming nakatingin sa kanya. Ipinasya niyang lapitan ang mga iyon.

“Ipagpaumanhin ninyong malabag ko ang tuntunin sa pakikipagkapwa.”
 Pitong taon ako sa ibang bansa at sa pagbabalik ko ay hindi ko matiis ang batiin ang pinakamahalagang hiyas ng aking bayan, ang mga babae.”

5. Ano ang tinutukoy na mahalagang hiyas ayon kay Ibarra?
- tuntunin sa pakikipagkapwa
 - ang mga panauhin
 - ang mga babae
 - may – ari ng bahay
6. Anong antas ng pormalidad sa paggamit ng wika ang may salungguhit?
- Pambansa
 - Pampanitikan
 - di pormal
 - pormal
7. Anong kaugalian o kultura ng ibang bansa ang binanggit sa teksto?
- Pagpapakilala sa sarili kung walang ibang magpakilala
 - Makikisama sa mga babae
 - Hiwalayang babae sa lalaki sa umpukan
 - Pagdalo sa handaan kapag may imbitasyon
8. Anong uri ng pag –ibig ang nasasalamain sa teksto?
- pag-ibig sa magulang
 - pag-ibig sa kasintahan
 - pagibig sa kapwa
 - pag-ibig sa bayan
9. Suriin ang pahayag na nasa loob ng kahon. Anong uri ng tunggalian ito?

“Kailangan kong sundin ang utos ng kurang malaki o malagay sa panganib ang aking buhay,” ang sagot ng sepulturero.

- Tao laban sa Sarili
- Tao laban sa kalikasan
- Tao laban sa Tao
- Tao laban sa Lipunan

10. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng tunggaliang tao laban sa tao?
- “Magbibinata ka na’y umiiyak ka pa!”
 - “Dahil masama ang panahon ng araw na iyon at pasan-pasan pa niya ang bangkay, itinapon na lamang niya ito sa lawa.”
 - “Parang nauupos sa pagkakatayo ang pari dahil sa bigat ng mga kamay ng binata na nakadagan sa kanyang mga balikat at tuluyan itong napaluhod.”
 - “Putlang-putla si Maria Clara. Malalakas ang kabog sa kanyang dibdib ngunit pinili niyang mapakinggang muli ang tinig ng mahal na mahal niyang si Ibarra.”



Karagdagan Gawain


Panuto: Magsaliksik at magtala ng mga kaugaliang Pilipino. Ipahayag ang iyong opinyon at paninindigan kung ito ba ay dapat pang panatilihin o iwaksi. Gumuhit ng angkop na **EMOTICON** upang ipahayag ang iyong damdamin kaugnay ng naitalang kaugalian.

Kaugalian	Reaksyon at Paninindigan	Emoticon



Magaling! Binabati kita sa iyong matiyagang paglalakbay sa mundo ng kaalaman. Talagang sulit ang iyong pagsisikap na naisagawa ang mga gawain. Ang kaalaman ay sandata ng buhay na hindi naluluma at mananakaw ng sinoman.

Hanggang sa muli nating pagsasama mahal kong kaibigan!



Susi sa Pagwawasto

<p>SUBUKIN</p> <p>1. C 2. A 3. C 4. A 5. D 6. C 7. D 8. A 9. D 10. A</p>	<p>BALIKAN</p> <p>Depende sa naging sagot ng mag-aaral</p>	<p>TUKLASIN</p> <p>Gawain 1. Paglinang ng Talasalitaan</p> <p>Pambansa 1. maganda 2. mayayaman 3. suwail 4. rebelde 5. katutubo</p> <p>Gawain 2. Depende sa naging sagot ng mag-aaral</p> <p>Gawain 3. Pagmamahal sa magulang-pahayag A Pagmamahal sa kasintahan-pahayag C Pagmamahal sa kapwa – pahayag D Pagmamahal sa bayan – pahayag B</p> <p>1. Hanay C – depende sa sagot ng mag-aaral</p>
<p>ISAISIP</p> <p>Depende sa naging sagot ng mag-aaral</p>	<p>ISAGAWA</p> <p>Depende sa naging sagot ng mag-aaral</p>	<p>KARAGDAGANG GAWAIN</p> <p>Depende sa naging sagot ng mag-aaral</p>
<p>TAYAHIN</p> <p>1. B 2. B 3. B 4. A 5. C</p> <p>6. B 7. A 8. C 9. C 10. C</p>		

Sanggunian

Aklat

Dillague, Nora M. et al. 1996. Modyul sa Noli Me Tangere Quezon City:
Souvenir Production Inc.

Avena, Lorenza P. Et al. 2000. Wika at Panitikan III Quezon City : JGM and S
Corporation

Para sangkatanungan o puna, sumulat o tumawagsa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph